

# Receiving Blood Transfusions

Blood is made up of fluid called plasma that contains red blood cells, white blood cells and platelets. Each part of the blood has a special purpose. A person may be given whole blood or only the parts of the blood needed to treat an illness or injury.

## Types of Blood Transfusions

A transfusion is the process of giving whole blood or parts of the blood through an intravenous (IV) catheter tube into a blood vessel. Your doctor will talk to you about the type of transfusion he or she recommends to treat your condition.

- **Red blood cells** – This is the most common part of the blood given. Red blood cells are what give blood its red color. Red blood cells carry oxygen from the lungs to other parts of the body then carbon dioxide back to the lungs. A red blood cell transfusion may be needed if you have lost blood to surgery or injury, or to treat anemia.
- **Plasma** – This is the liquid part of the blood that contains proteins that help blood clot and fight disease. Plasma transports water and nutrients to your body's tissues. It is often given to replace blood that has been lost after bleeding.
- **Platelet** – These cells work with proteins in plasma to help blood clot. Platelet transfusions are given when the platelet count is too low.

The blood used in transfusions most often comes from volunteer donors. The blood is carefully screened for disease to make sure that it is safe.

# Pagtanggap ng Pagsasalin ng Dugo

Ang dugo ay binubuo ng likidong tinatawag na plasma, o likidong bahagi ng dugo, na naglalaman ng mga pulang selula ng dugo, puting selula ng dugo at platelets, o mga elemento ng dugo na tumutulong sa pamumuo ng dugo. Bawat bahagi ng dugo ay may espesyal na gamit. Maaaring mabigyan ang isang tao ng buong dugo o ng bahagi lamang ng dugo na kailangan upang gamutin ang isang sakit o pinsala.

## Mga Uri ng Pagsasalin ng Dugo

Ang pagsasalin ay ang proseso ng pagbibigay ng buong dugo o bahagi ng dugo sa pamamagitan ng intravenous (IV) catheter tube sa isang blood vessel. Kakausapin ka ng iyong doktor tungkol sa uri ng pagsasalin na inirerekomenda niya upang gamutin ang iyong kundisyon.

- **Mga pulang selula ng dugo** – Ito ang pinakakaraniwang bahagi ng dugo na ibinibigay. Ang mga pulang selula ng dugo ang nagbibigay sa dugo ng pulang kulay nito. Nagdadala ang mga pulang selula ng dugo ng oxygen mula sa mga baga papunta sa ibang bahagi ng katawan at pagkatapos ay carbon dioxide pabalik sa mga baga. Maaaring kailanganin ang pagsasalin ng pulang selula ng dugo kung nawalan ka ng dugo dahil sa operasyon o pinsala, o upang gamutin ang anemya.
- **Plasma** – Ito ang likidong bahagi ng dugo na naglalaman ng mga protina na tumutulong sa pamumuo ng dugo at lumaban sa sakit. Nagdadala ang plasma ng tubig at sustansya sa mga tissue ng iyong katawan. Karaniwan itong ibinibigay upang palitan ang dugo na nawala pagkatapos ng pagdurugo.
- **Platelet** – Tumutulong ang mga selula na ito kasama ng mga protina upang tumulong sa pamumuo ng dugo. Nagbibigay ng mga pagsasalin ng platelet kapag masyadong mababa ang bilang ng platelet.

Karaniwang nagmumula ang dugo na ginagamit sa mga pagsasalin mula sa mga voluntaryong donor. Maingat na sinusuri ang dugo para sa mga sakit upang tiyaking ligtas ito.

Receiving Blood Transfusions. Tagalog.

## **What to Expect**

### **Preparing for Treatment**

If the transfusion is not an emergency, a sample of your blood is taken to match your blood to donor blood and to decrease the chance of an allergic reaction. This sample of your blood is taken to find:

- Your blood type (A, B, AB or O) and whether you are Rh-positive or Rh-negative.
- Compatible donor blood. This is called cross-matching. A small sample of your blood is mixed with a small sample of donor blood to make sure they mix smoothly and are thus a match.

**Tell your doctor if you have allergies or have had a reaction to a past blood transfusion.**

### **Signs of an Allergic Reaction**

An allergic reaction to a blood transfusion is not common. If a reaction occurs, it can be treated. Most reactions occur while you are receiving blood or soon after. Signs of a reaction include:

- Hives or itchy skin
- A fever
- Chills
- Dizziness
- Chest pain or ache
- Shortness of breath
- Back pain
- Pain at the transfusion site

## **Anong Aasahan**

### **Paghahanda para sa Panggagamot**

Kung hindi emergency ang pagsasalin, kinukuha ang isang sample ng iyong dugo upang itugma ang iyong dugo sa dugo ng donor upang bawasan ang tsansa ng isang allergic reaction. Kinukuha ang sample na ito ng iyong dugo upang malaman ang:

- Iyong blood type (A, B, AB o O) at kung Rh-positive o Rh-negative ka.
- Katugmang dugo ng donor. Ang tawag dito ay cross-matching. Hinahalo ang maliit na sample ng iyong dugo sa maliit na sample ng dugo ng donor upang tiyaking naghahalo ng maayos ang mga ito at samakatuwid ay tumutugma.

**Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang mga allergy o kung nagkaroon ka ng reaction sa isang nakaraang pagsasalin ng dugo.**

### **Mga Palatandaan ng Allergic Reaction**

Hindi pangkaraniwan ang isang allergic reaction sa isang pagsasalin ng dugo. Kapag nagkaroon ng reaction, maaari itong gamutin. Karamihan sa mga reaction ay nangyayari habang tinatanggap ninyo ang dugo o kaagad pagkatapos ng pagsasalin. Kasama sa mga palatandaan ng reaction ang:

- Mga pamamantal o makating balat
- Lagnat
- Pangingiki
- Pagkahilo
- Sakit o kirot sa dibdib
- Paghabol sa paghinga
- Sakit sa likod
- Sakit sa pinagturukan ng karayom

## During the Transfusion

- A small needle is inserted into a blood vessel, most often in your arm or hand, and a small sample of blood is taken and tested to confirm your blood type. You will feel a pinch when the needle is inserted.
- A small plastic tube, called an intravenous (IV) catheter, is left in the blood vessel. You receive blood through this tube. The donor blood, which is in a blood bag hanging from an IV pole, flows out of the bag through tubing into your blood vessel.
- A transfusion can take up to four hours depending on the type of transfusion you are having and how much blood is being given.
- You will be checked often to watch for a reaction or other problem. Your temperature, pulse and blood pressure will be checked. **Tell your nurse right away** if you have any signs of a reaction during your transfusion.
- When the transfusion is complete, the catheter tube is removed and a bandage is placed over the site. You may have some mild bruising or discomfort for a few days at the site. If you are in the hospital, the tube will stay in place.

## Habang Isinasagawa ang Pagsasalin

- Ipapasok ang isang maliit na karayom sa isang blood vessel, karaniwan sa iyong braso o kamay, at kukunin ang isang maliit na sample ng dugo at susuriin upang kumpirmahin ang iyong blood type. Makakaramdam ka ng pagkirot kapag pinasok ang karayom.
- Iniiwan ang isang maliit na plastic na tubo na tinatawag na intravenous (IV) catheter sa iyong blood vessel. Tatanggap ka ng dugo mula sa tubong ito. Dadaloy ang dugo ng donor na nasa loob ng blood bag na nakasabit sa isang IV pole papalabas ng bag patungo sa tubong papunta sa iyong blood vessel.
- Maaaring tumagal ng hanggang apat na oras ang pagsasalin depende sa uri ng pagsasalin na mayroon ka at sa kung gaano karaming dugo ang ibinibigay.
- Madalas kang titingnan upang magbantay sa isang reaction o iba pang problema. Titingnan ang inyong temperatura, pulso at presyon ng dugo. **Sabihin kaagad sa inyong nars** kung mayroon kayong anumang mga palatandaan ng reaction habang isinasagawa ang pagsasalin sa inyo.
- Kapag tapos na ang pagsasalin, tatanggalin ang tubo ng catheter at maglalagay ng benda sa lugar. Maaari kang magkaroon ng maliit na pasa o pagkairita nang ilang araw sa lugar. Kung nasa ospital ka, maiiwang nakakabit ang tubo.

## **After You Go Home**

**Call your doctor right away** if you have any signs of a reaction at home after your transfusion. In rare cases, reactions occur days or weeks after a transfusion. **Call your doctor right away** if you have any of these signs:

- Kidney problems, such as dark urine, more or less urine, or back pain
- Nausea and vomiting
- Yellowing of the skin or whites of the eyes
- Fever, cough, runny nose or muscle pain

**Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.**

## **Kapag Nakauwi na Kayo**

**Tawagan kaagad ang inyong doktor** kung mayroon kayong anumang mga palatandaan ng reaction sa bahay pagkatapos ng pagsasalin sa inyo. Sa madalang na mga kaso, nagkakaroon ng reaction ilang araw o linggo pagkatapos ng pagsasalin. **Tawagan kaagad ang inyong doktor** kung magkaroon kayo ng alinman sa mga palatandaang ito:

- Mga problema sa bato, gaya ng maitim na ihi, sobrang dami o kaunting ihi, o pananakit ng likod
- Pagkahilo at pagsusuka
- Paninilaw ng balat o ng puti ng mga mata
- Lagnat, ubo, pagtulo ng malabnaw na uhog sa ilong o pananakit ng kalamnan

**Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong anumang mga katanungan o alalahanin.**

2007 – 6/2012 Health Information Translations

Unless otherwise stated, user may print or download information from [www.healthinfotranslations.org](http://www.healthinfotranslations.org) for personal, non-commercial use only. The medical information found on this website should not be used in place of a consultation with your doctor or other health care provider. You should always seek the advice of your doctor or other qualified health care provider before you start or stop any treatment or with any questions you may have about a medical condition. The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health System, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital are not responsible for injuries or damages you may incur as a result of your stopping medical treatment or your failure to obtain medical treatment.

Receiving Blood Transfusions. Tagalog.